Ang patawad ay nakamit ng babae na nahuli,
Kung kaya sya ay sumamba, humayo na nagsisisi;
"Di rin kita hahatulan, ang sala mo ay lisanin."
Dios nagsabi sa kanya nang kaluluwa'y katagpuin.

O lubhang kalunus-lunos na bantad tayo sa Diyos,
Sa mata Nya'y walang lihim, darating ang pagtutuos;
Ang bigat ng ating sala tatambad, nakakatakot!
Bawat isa'y magsusulit sa timbangan ng tinubos.

Kaluluwa lumapit ka, sa Kanyang nagpapatawad.
Hindi ka Nya itataboy, buburahin iginawad
Na hatol mong doon sa krus – galit ng Dios pinag-lubag,
Tinakpan Ni Hesukristo sa nagsisi at naghayag.

Siya lamang magbabago sa puso na inalipin,
Paghatol sa kapwa niyang bumabalot, umaangkin.
Kaamuan ni Kristo na Mapagpatawad sa atin,
Higit Siya at titiyak pinatawad, pupuspusin!

Hari't Hukom: sa trono Nya lahat tayo ay luluhod!
Kung tayo ba'y nang-husga sa kapwa nating ibinukod.
At kung anong panukat ang ginamit natin sa lingkod,
Pinatawad, magpatawad upang Siya ay malugod!

*Sinabi ni Hesus, "Hindi rin kita hinahatulan. Humayo ka at huwag nang magkasala."*
Juan 8:11



## Ang *GBC Pulpit*

Pinaninindigan ng aming iglesia, ang *Grace Baptist Church*, ang paniniwalang pangunahing kasangkapan ng Diyos sa pangangalat ng Kanyang ebanghelyo ng biyaya ay ang pangangaral ng Salita ng Diyos. Wala itong kapalit, o katumbas. Sa maraming taon ng aming pamamalagi, sa pangangaral namin nakita ang maraming bunga sa pagliligtas ng mga makasalanan, at pagpapalago sa mga banal. *Ngunit paano nga silang tatawag sa kanya na hindi nila sinampalatayanan? At paano sila sasampalataya sa kanya na hindi nila napakinggan? At paano sila makikinig kung walang mangangaral?* (Roma 10:14). Sa pangangaral, hindi lamang may naglalahad ng Salita ng Diyos, kundi sa pamamagitan ng nangangaral ay kumikilos ang Diyos. Ang Panginoong HesuKristo mismo ay aktibo sa pangangaral ng Ebanghelyo (Efeso 2:17). Hindi manghihina ang pananalig naming ito.

Gayon man, may iba pang paraan upang ang pangangaral ng Salita ay lalo pang palawakin at palaganapin. Isang subok ng paraan ay ang pagsalin sa panulat ng mga salitang naipangaral sa pulpito. Ang pagbasa ng nakasulat na mensahe ay *hindi pakikinig ng pangangaral* nito. Ngunit bagama't hindi nito pinapalitan ang pangangaral, ang nakasulat na mensahe ay pinagpapala ng Diyos. Marami ang mga may patotoo kung paanong unang natagpuan nila ang katotohanan ng Ebanghelyo sa pamamagitan ng pagbabasa ng mensahe.

Ang pag-asang ito ang siyang nagbunsod sa aming iglesia na magtaguyod ng ministeryo ng panulat ng mga naipangangaral mula sa pulpito. Ito ang *GBC Pulpit*. Iniaalok namin ng may panalangin para sa mga bumabasa ang mga mensaheng nasa mga pahinang ito.

Ang mga mensaheng ito ay unang naipangaral sa pulpito ng *Grace Baptist Church*. Ang pagtugon ng mga miembro sa pangangaral ay tunay na nakapagpapalakas sa isang mangangaral na may munti mang kaloob. Ang mga nauupo sa pangaangaral sa aming iglesia ay magkakahalo - mga taong may mataas na antas na pinag-aralan, at gayon din ay mga simpleng madla. Sa pagpapala ng Diyos, umaasa ang inyong lingkod na maabot pa ng Salita ang marami sa labas ng aming iglesia. Kung mangyari ito, isa lamang itong katibayan na

> *Ang aking salita na lumalabas sa bibig ko;*
> *hindi ito babalik sa akin na walang bunga,*
> *kundi gaganapin ang ayon sa layunin ko,*
> *at magtatagumpay sa bagay na kung saan ay sinugo ko ito*
>
> Isaias 55:11

Noel A. Espinosa
Pastor, Grace Baptist Church
Paciano Rizal, Bay
Laguna, Philippines

## SINO ANG WALANG KASALANAN?

***Ang Mapanghusga***

**March 5, 2017**

Buwan na tayo ng Marso, ang itinuturing natin na *fire prevention month* o pag—– sa sunog, pero ito din ang buwan ng pinakamaraming nangyayaring sunog sa ating bansa. May kasabihang: "*Sampung beses ka nang manakawan, huwag lang masunugan kahit minsan.*" Alam natin kung anong tindi ng pinsala na minsan kang masunugan. Sa isang iglap, maaaring mawalang lahat ng iyong tinatangkilik at pinagpuhunanan.

May mga kalagayan ng buhay na kapag umiral sa isang tao ay maitutulad natin sa isang sunog. Hindi natin tinatanggap ang pag-iiba ng kasalanang *mortal* sa kasalanang *venial*, na ang kasalanang *mortal* ang magpapaimpyerno, at ang ibang kasalanan ay hindi. Walang ganyang turo ang Bibliya. Lahat ng kasalanan ay nakapipinsala; lahat ay nakapapahamak. Subalit may kasalanan na higit ang pinsala kaysa sa iba. Iyan ang maliwanag din na turo ng bibliya. At isa sa mga kasalanan na higit na nakakapinsala ay ang pag-aangkin ng katuwiran ng dahil sa sariling gawa o ang pagmamatuwid.

Maraming mga pagtatalo ang nangyari sa Salita ng Diyos sa ebanghelyo; mga tagpo kung saan ang malimit na katunggali ng ating Panginoon ay mga Fariseo at mga eskriba na ipinagdidiinan ang kanilang pagiging matuwid. Ibinubunyag ng ating Panginoon ang kahungkagan ng ganyang paniniwala.

Sa buwan na ito, gagamit ako ng isang tagpo sa Ebanghelyo na sa unang tingin para sa nakakaalam ay may problema. Ito ang tagpo kung saan hinamon si Hesus patungkol sa isang babae na nahuli sa salang pakikiapid. Ang problema? Hindi maliwanag kung saan dapat ilagay ang talatang ito. Maraming mga *manuscripts* na nasa ibang lugar makikita ang ganitong talata; sa iba, nasa Juan, sa iba nasa Lukas. Kaya't hindi natin talaga masiguro kung saang bahagi. Pero masisiguro natin na ito ay totoong nangyari, nagkakaiba-iba lang sa kung saan ito dapat inilagay. At ang gagamitin ko ay kung saan ito nakalagay sa ating mga karaniwang salin. Mapupulutan natin ito ng aral bilang Salita ng Diyos.

---

*Nakatuon ang pansin ng mga fariseo at mga eskriba sa kaso ng babae, at hindi sya makapagtanggol sa nagawa niyang kasalanan. Nakatingin din sila sa kanilang pinahahalagahan na batas ni Moises, at kita nilang wala siyang lusot sa sinasabi ng batas na dapat siyang parusahan, at ang parusa ay kamatayan. Samantala, nakita ni Hesus sa pagkatao at sa puso ng mga fariseo at mga eskriba ang diwa ng panghuhusga.*



## *Pagmamatuwid, Paghusga, Pagpapatawad*

**Tina Tayam-Malinao**

Pariseo at Eskriba, batas ng Dios pinang-husga,
Sa masamang babae na nahuli na nangalunya.
Sa harapan ni Kristo ang hatol nila ay parusa,
Gamit ang Utos kay Moises, batuhin at patayin sya.

Ganito ang kaisipan ng mundong makasalanan,
Minamabuti ang sarili, ang iba'y tatatakan;
Pusong-imbi'y naninisi sa kapwa ng walang hanggan,
Pinsala ay ninanasa na makita sa timbangan!

Sa kaloob-looban ang pagbibintang di matapos,
Kahit pa nakaluhod na sa paanan nga ni Hesus.
Ang kapwa na mayrong putik, binibitay, nilulunod;
Habang siyang humuhusga, sa putikan nakalublob!

Dahil dito, Panginoon, sa lupa Sya ay bumaba.
Hindi upang hatulan ang sanlibutang nagkasala;
Kundi upang sa Kalbaryo, dugo Nya'y bumalong luha,
Upang maligtas tayo na likas paghatol sa kapwa.

"Sinong walang kasalanan, pumukol ng unang bato!"
Ito ang itinugon ng Panginoong Hesukristo.
Sa mga tagapag-sakdal sa hukumang maka-tao,
Ngunit walang nakagawa "banal" man na Pariseo.

humarap ka sa Panginoong HesuKristo. Handa Siyang magpatawad! Gaya nang sinabi Niya sa babae na, "*Hindi kita hinahatulan*," hindi ka Niya hahatulan anuman ang iyong kasalanan, kung ikaw ay haharap nang may buong pagsisisi sa iyong kasalanan, at pananampalataya sa Kanya lamang.

Si Dorine Irvine ay dating nalulong sa pangkukulam. Tumaas ang kanyang ranggo, at tinuring siyang reyna ng mga magkukulam sa organisasyon – Queen of Witches. Ngunit dinalaw siya ng biyaya ng Diyos. Bilang patotoo niya ng kanyang kaligtasan, isinulat niya ang aklat na pinamagatan niyang, "*From Witchcraft to Christ*." Marami tayong mailalagay kapalit ng *witchcraft*. Maaring hindi ka mangkukulam, ngunit siguradong may mailalagay kang kapalit noon. Ano kaya? "*From Ambition to Christ*?" "*From Lust to Christ*?" Or "*From Selfishness to Christ*?"

Anuman ang iyong kasalanan, maari mo 'yang iharap sa Panginoong HesuKristo. Ito ang nakahihigit sa biyaya ng pagpapatawad. Anuman ang iyong kasalanan, buburahin Niya ang iyong hatol. Ngunit higit pa riyan, anuman ang iyong kasalanan, babaguhin Niya ang iyong puso upang ikaw ay makapamuhay na hindi pinaiiral ang kasalanan. Sa tagpong ito na ating pinag-aralan, nagharap ang malalang makasalanan at ang mapagtawad na Panginoon. At nanaig ang pagpapatawad.

*Iyan ang ipanuri mo sa iyong sarili. Lumapit ka na ba sa Pangiinoong Hesus? Inako mo na ba, at natanggap na, ang iyong pagkamakasalanan? O patuloy ka pa ring kumakapit sa paniniwala na ikaw ay taong moral, taong mabuti, taong relihiyoso? Kung iyan ang iyong inaasahan na ihaharap mo sa Diyos, nagkakamali ka! Iyan ay kabulagan! Ipapahamak ka niyan! Ilagay mo ang iyong sarili sa kalagayan ng babae sa ating tagpo. Wala siyang maikatuwiran! Nang siya'y pinaparatangan, wala siyang maipanagot! Ganyan ang ating kalagayan bilang makasalanan. Walang maipanagot sa Diyos. Ngunit humarap ka sa Panginoong HesuKristo. Handa Siyang magpatawad! Gaya nang sinabi Niya sa babae na,* "Hindi kita hinahatulan,*" hindi ka Niya hahatulan anuman ang iyong kasalanan, kung ikaw ay haharap nang may buong pagsisisi sa iyong kasalanan, at pananampalataya sa Kanya lamang.*



**TALATANG BABASAHIN**:

Juan 8:1 – 9, "*Samantala, si Jesus ay pumunta sa bundok ng mga Olibo. Kinaumagahan, Siya ay bumalik sa templo, at ang buong bayan ay lumapit sa Kanya. Siya'y naupo at sila'y tinuruan. Dinala sa Kanya ng mga eskriba at ng mga Fariseo ang isang babaing nahuli sa pangangalunya. Nang kanilang patayuin siya sa gitna, ay sinabi nila sa kanya, 'Guro, nahuli ang babaing ito sa akto ng pangangalunya. Sa kautusan ay ipinag-utos sa amin ni Moises na batuhin ang mga ganyan. Ano ngayon ang iyong masasabi tungkol sa kanya?'*

*Ngunit ito'y kanilang sinabi upang Siya'y subukin, upang sa Kanya'y may maiparatang sila. Subalit yumuko si Jesus, at isinulat ang Kanyang daliri sa lupa. Habang sila'y nagpapatuloy ng pagtatanong sa Kanya, tumayo Siya at sinabi sa Kanila, 'Ang walang kasalanan sa inyo ang siyang unang bumato sa kanya.' At muli Siyang yumuko, at isinulat ang Kanyang daliri sa lupa. Nang ito'y kanilang marinig ay isa-isa silang umalis, simula sa mga matatanda. At si Jesus ay naiwang nag-iisa at ang babaing nakatayo sa gitna.*"

Pambihira ang pangyayaring ito na walang katulad sa Ebanghelyo. Pinahahatulan kay Hesus ang isang babaeng nagkasala, na ayon sa mga nagdala sa babaeng ito, siya'y nahuli sa akto ng pangangalunya o pakikiapid. Ang mga Fariseo at mga eskriba ang nanguna sa pagbintang sa kanya; sila na palagi na lang katunggali sa pagtatalo sa mga usapin ng kasulatan lalo na tungkol sa batas ni Moises. Ngunit ngayon, sa palagay ng mga Fariseo at mga eskriba ay huli na nila sa Hesus dahil narito ang isang kaso na walang dudang nangyari; nahuli sa akto ng pakiki-apid. Wala rin silang duda na sinasabi ng batas ni Moises na dapat siyang hatulan ng kamatayan. Kaya't, para sa kanila, narito ang isang kaso na masasabi nating "*air-tight*, *beyond reasonable doubt*." Wala nang lusot ang Panginoong Hesus. Sa kanan man, o sa kaliwa, huli na siya. Ang sabi ni Juan, ginawa nila ang bagay na ito upang may maiparatang sa Kanya. Subalit, nagitla ang mga nagbibintang sa hamon ni Hesus na, "*Ang walang kasalanan sa inyo ang siyang unang bumato sa kanya*." At ang nangyari, isa-isa silang umalis hanggang wala nang natira. Isang napakahalagang mensahe ang pupulutin natin dito.

## MENSAHE: *Ang nasa ilalim ng hatol ng batas ng Diyos ay wala sa katayuan na manghusga.*

Nakatuon ang pansin ng mga fariseo at mga eskriba sa kaso ng babae, at hindi sya makapagtanggol sa nagawa niyang kasalanan. Nakatingin din sila sa kanilang pinahahalagahan na batas ni Moises, at kita nilang wala siyang lusot

sa sinasabi ng batas na dapat siyang parusahan, at ang parusa ay kamatayan. Samantala, nakita ni Hesus sa pagkatao at sa puso ng mga fariseo at mga eskriba ang diwa ng panghuhusga.

Muli, nakikita natin dito ang pagkakasalungat ng kanilang mga saloobin. Ang nakikita lang nila ay isang babaeng nagkasala, at ang batas ni Moises na dapat igawad sa kanya ang kamatayan. At nakita ni Hesus ang katayuan nila na ginagamit ang batas upang magbintang at manghusga. Maaaring nasa ganito tayong kalagayan.

Ano ang saloobin ng isang mapanghusga kagaya ng mga Fariseo at eskriba? Dalawang bagay.

1. Umaasa sa batas upang magmatuwid sa Diyos
2. Ginagamit ang batas upang ipanghatol sa kapwa

---

*Ganito pa rin ang kaisipan ng mga mapagmatuwid sa relihiyon ngayon. Umaasa sa kanilang mabuting pagsunod, sa moralidad, sa batas ni Moises. Ngunit ang batas na mismo ang nagbubunyag na wala ni isa man sa mga tao ang nakakasunod, wala ni isa man ang mabuti.*

### *I. Umaasa sa batas upang magmatuwid sa Diyos*

Ang mga Fariseo at eskriba na malimit na katalo ni Hesus ay pinapakilala sa apat na Ebanghelyo ng Bagong Tipan bilang mga taong mapagmatuwid. Dito sa apat na Ebanghelyo, ito ang papel na ginampanan ng mga Fariseo at eskriba sa ministeryo ni Hesus. Ito ang larawan na patuloy na humahamon sa atin. Tayo ba ay kagaya nila na ibinabatay natin ang ating katayuan sa Diyos sa ating inaakalang pagiging matuwid? Patuloy na ibinubunyag ni Hesus sa kanila na ang kanilang pag-asa ay hungkag, walang laman, mapagpaimbabaw.

Punto: *Sa halip na batayan na magmatuwid, ang batas ang nagbubunyag ng kawalan ng katuwiran.*

Binabaligtad ng mga fariseo at mga eskriba ang gamit ng batas na ang ipakita ang ating kasalanan; ibunyag na sa harap ng Diyos wala tayong panghahawakan sa ating sarili. Ngunit, sa mga mapagmatuwid, ang batas ang kanilang ginagamit upang ikumpirma sa inaakala nilang pagiging matuwid.

Kung nakikita natin sa mga Ebanghelyo ang pagbubunyag ng kahungkagan ng mga Fariseo at eskriba, higit na matindi dito sa Ebanghelyo ni Juan (John 5:45). Ipinapakita dito ang pagbabaligtad ng mga Fariseo sa paggamit ng batas ni Moises. At ngayon, ito ay itinuwid ng Panginoong Hesus, at ibinunyag Niya na waring nagsasabing: "*umaasa kayo sa batas ni Moises. Maaring may*



ang kasalanan. Ngunit ang isang pinatawad patuloy na humihingi ng paninibago, ng pananariwa, ng pagpapatawad nang dahil kay HesuKristo. Kaya't hindi na umiiral ang kasalanan sa kanya nang walang pakundangan. Kung ang buhay mo na sinasabi mong pinatawad na ng Diyos nang dahil sa isang desisyon, o nang dahil sa ikaw ay nagtaas ng kamay o umulit ng panalangin o iba pa mang pamamaraan ngunit walang pagbabago sa buhay ng kasalanan, huwag mong sabihin na ito'y galing kay HesuKristo. Ito ang pagpapatawad na galing kay HesuKristo na dinanas ng babae sa ating tagpo. Wala na siyang kahatulan ngunit bagong pamantayan sa kanyang buhay. Hindi na iiral ang kasalanan.

HAMON: *Suriin mo ang inaangking patawad sa pagbabago ng puso sa pag-iral ng kasalanan*

Iyan ang bunga dapat. Nagbago ang puso, hindi na iiral ang kasalanan bilang naghaharing pwersa ng ating buhay. Oo, nagkakasala pa rin tayo. Oo, nariyan pa rin ang ating pakikipagbaka ngunit ang punto ay hindi ito ang umiiral na pwersa sa buhay. Isang linlang na pagtitiyak sa sarili kung ang binabalikan mo lang ay nagdesisyon ka na mapatawad ni HesuKristo. Gumawa ka ng isang ritwal para mapatawad ngunit walang nagbago, umiiral pa rin ang kasalanan. Ang tunay na pinatawad ay pupuspusin ng pasasalamat sa pagpapatawd sa kanya at kanyang susundin ang Panginoong HesuKristo. Bukod sa babaeng ito sa ating tagpo, may isa pang babae sa Ebanghelyo na maihahambing natin. Siya ay sumamba kay HesuKristo nang minsan si Hesus Ay kasama sa piging ng mga Fariseo. Lumapit ang babae. Kilala siya sa kanyang masamang buhay at ang bulong-bulungan ng mga Fariseo, "kung talagang propeta itong si Hesus dapat makilala Niya ang babaeng ito sa kanyang masamang buhay." Ngunit ang babaeng ito na nakilala na si Hesus ay binago ng biyaya ng Diyos at siya'y sumasamba kay HesuKristo at ito ang naging hamon ni Hesus sa mga Fariseo, "ang marami niyang kasalanan ay pinatawad na sapagkat siya'y nagmahal ng malaki subalit ang pinatatawad ng maunti ay nagmamahal ng kaunti." Ang punto Niya ay ang walang kamalayan ng kasalanan at ang kanyang paghahayag ng kapatawaran ay ritwal lamang, pagmamatuwid, wala siyang tunay na pagbabago sa kanyang relasyon sa kasalanan samantalang ang tulad ng babaeng ito ay may kamalayan ng kanyang malaking kasalanan kapag tinaggap niya ang kapatawaran talagang magbabago ang buhay.

Iyan ang ipanuri mo sa iyong sarili. Lumapit ka na ba sa Pangiinoong Hesus? Inako mo na ba, at natanggap na, ang iyong pagkamakasalanan? O patuloy ka pa ring kumakapit sa paniniwala na ikaw ay taong moral, taong mabuti, taong relihiyoso? Kung iyan ang iyong inaasahan na ihaharap mo sa Diyos, nagkakamali ka! Iyan ay kabulagan! Ipapahamak ka niyan! Ilagay mo ang iyong sarili sa kalagayan ng babae sa ating tagpo. Wala siyang maikatuwiran! Nang siya'y pinaparatangan, wala siyang maipanagot! Ganyan ang ating kalagayan bilang makasalanan. Walang maipanagot sa Diyos. Ngunit

***II. Binabago ang pagka-alipin ng puso.***

Ang ikalawang sangkap ng pagpapatawad ng Panginoong HesuKristo na mas higit sa kasalanan ay binabago ang pagka-alipin ng puso. Kung huminto ang Panginoon pagkasabi sa babae na "*hindi rin Kita hinahatulan*" tiyak na aabusuhin ito nang marami na ang gusto lang nila ay huwag na silang mahatulan. Gusto lang nila ng katiyakan na hindi na sila mapaparusahan; hindi na sila mapapahamak. Ngunit pagkatapos Niyang tiyakin 'yun, magtutuloy-tuloy pa rin sila sa kanilang kasalanan. Subalit ang agad na idinagdag ng Panginoon pagkatapos Niyang sabihin na, "*hindi Kita hinahatulan*" ay, "*Humayo ka, at mula ngayon, huwag ka nga magkasala*." Hindi ito nagsasabing magpakasakdal ang babae sa kanyang buhay. Mamuhay nang walang kasalanan. Sinasabi nitong, "Kung ikaw ay pinatawad na, pinapalaya ka na sa pagka-alipin ng kasalanan. Mamuhay ka na na hindi pinaghaharian ng kasalanan."

---

*Pansinin niyo ang balanse ng dalawang panig na ito. Ang pamantayan ng isang pinatawad, huwag nang magkasala ngunit ang katotohanan nagpapatuloy ang kasalanan. Ngunit ang isang pinatawad patuloy na humihingi ng paninibago, ng pananariwa, ng pagpapatawad nang dahil kay HesuKristo. Kaya't hindi na umiiral ang kasalanan sa kanya nang walang pakundangan.*

<u>Punto</u>: *Nagbabago ang sinusunod ng puso ng isang pinatawad ng Panginoong HesuKristo.*

May nag-aangkin ng kapatawaran, ngunit hindi sa batayan ng Panginoong HesuKristo. At lantad ang kanilang kamalian. Walang nagbago sa kanilang buhay. Nariyan ang mga namamanata, taon-taon ng iba't ibang ritwal.

Malapit na naman ang mahal na araw, at makikita na naman natin ang mga taong magpapasan ng krus, magpapalo, magpepenitensya, at talagang magpapapako sa krus ~ bagay na uulitin na naman nila sa susunod na taon. Bakit? Pang isang taon lang kasi ang kanilang katiyakan. Walang tunay na pagbabago. Ang pagpapatawad ay sa panlabas lang, ngunit may panloob na bunga. At sa panloob na bunga, hindi na paiiralin ang kasalanan. Ito ang sinabi ni Juan sa kanyang unang sulat sa 1Jn 2:1-2, "*Mga munti kong anak, ang mga bagay na ito ay isinusulat ko sa inyo, upang kayo'y huwag magkasala. Ngunit kung ang sinuman ay magkasala, tayo ay may Tagapagtanggol sa harap ng Ama, si Hesu-Kristo na siyang matuwid… Siya ang kabayaran ng ating mga kasalanan.*"

Pansinin niyo ang balanse ng dalawang panig na ito. Ang pamantayan ng isang pinatawad, huwag nang magkasala ngunit ang katotohanan nagpapatuloy



'checklist' *pa kayo na iniisa-isa ninyo. Sinasabi ninyo na*: 'ito nagawa ko; ayan pa nagawa ko!'"

Sinasabi ni Hesus, "*sa pagharap ninyo sa hukuman ng Diyos, ang* check-list *na pinaniniwalaan ninyong dahilan para tanggapin kayo ng Diyos ang mismong magpaparatang sa inyo*; *ang mismong hahatol sa inyo*." Ang Batas ni Moises, lalo na ang sampung utos, ay nagbubunyag ng ating pagkamakasalanan, at sinumang gagamit nito para isipin niya na siya ay nakakasunod sa Diyos; at na dahil dito, matuwid siya sa harap ng Diyos kaya Kanyang tatanggapin ~ malaki ang kanyang pagkakamali!

Ganito pa rin ang kaisipan ng mga mapagmatuwid sa relihiyon ngayon. Umaasa sa kanilang mabuting pagsunod, sa moralidad, sa batas ni Moises. Ngunit ang batas na mismo ang nagbubunyag na wala ni isa man sa mga tao ang nakakasunod, wala ni isa man ang mabuti.

Si Pablo na dating Fariseo, nang siya ay maligtas, ito ang kanyang pinakadiinan (Roma 3:10), at kung itinuturing mo ang iyong sarili na mabuti, ang iyong inaangkin ay natatangi ka sa lahat. At kung iniisip mo na natatangi ka sa lahat, mayabang ka na. Kasama ka na sa mga hindi mabuti.

Walang mabuti. Walang nakasunod kahit isa. Iyan ang hatol ng batas ng Diyos. Kung sinisikap mong maging mabuti sa paraan ng pagsunod sa mga tuntunin ng simbahan, sa mga usaping moralidad, sa mga rituwal, seremonya at sakramento, lahat nang mga iyan ay pawang mga hungkag na batayan para tanggapin ka ng Diyos. Ganito ang mga Fariseo at mga eskriba. Hindi nila nararamdaman para sa kanilang mga sarili ang bigat ng hatol ng batas ng Diyos. Hindi nila alam na bumubulusok sila sa lalong kapahamakan.

Kalunos-lunos ang nangyari aksidente diyan sa bus sa Tanay na ikinamatay ng mga estudyante. Tayo ay nakikiramay sa mga magulang na naghihinagpis ngayon dahil sa pangyayari. Ngunit isipin ninyo! Sumakay sila sa bus sa paniniwalang may *requirement* silang magagampanan. Ayon sa mga saksi, ang sabi daw sa kanila, hindi sila papasa kapag hindi nila ginawa ang kanilang *camp*. Sa halip, ang nangyari, ang pagsakay nila sa bus na iyon ay nauwi sa kapahamakan. May mga ganyang kaisipan na sa ganitong paraan ako papasa sa harap ng Diyos. Ang turo ng salita ng Diyos, iyan ay daan ng kapahamakan.

HAMON: *Mamulat ka sa kamalian ng relihiyon ng pagmamatuwid… sa pinsalang walang hanggan*!

Para mamulat ka, dapat mong makita na ang batas na inaasahan mo ay humahatol sa iyo. Hindi ka sinusukat kung ikaw ay nakarating na sa pinakamatuwid. Umpisa pa lang, nahatulan ka na. Hindi ka makasunod sa batas ng Diyos. Umpisahan mo sa iyong kalooban. Siguradong, sa iyong kalooban, maraming ulit ka nang sumuway sa batas ng Diyos. Sapagkat sinasabi ng batas ng Diyos na kung ikaw ay mamuhi sa iyong kapwa, nasuway mo ang utos na "*huwag kang papatay*." Ang babaeng ito ay pinagbintangan ng pakiki-apid, pangangalunya. Ngunit, ang sabi ni Hesus, "kung tayo ay tumingin na may masamang hangarin, tayo ay nagkasala na ng pangangalunya. Ilang ulit kayang

nangyari ang mga ito sa atin? Kaya't sa saloobin, sa kalooban, sa pag-iisip at sa pagsasalita, sa ating mga gawa, nakakasuway tayo sa batas.

Huwag mo na ipagpilitan! Makasalanan tayo! Ang mga Fariseo at mga eskriba ay makasalanan din gaya ng babaeng kanilang iniharap kay Hesus. At hindi ka mamumulat sa katotohanan na iyan hangga't pinupuno mo ang iyong isip ng pagtitiyak sa sarili na nagpapakabuti ka. Muli sa isang pagtatalo sa pagitan ni Hesus at mga Fariseo, ito ang sinabi ni Hesus sa kanila sa 8:33f, "*Sumagot sila sa kanya, "Kami'y mula sa binhi ni Abraham, at kailanma'y hindi pa naging alipin ng sinuman. Bakit mo sinasabing, 'Kayo'y magiging malaya*?'" Sinagot sila ni Jesus, "*Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang bawat nagkakasala ay alipin ng kasalanan*."

Tingnan ninyo ang pagmamalaki at pagyayabang nitong mga Fariseo, "*hindi kami alipin ng anumang kasalanan*." Ang sabi ni Hesus, "*kung kayo'y nagkakasala, kayo ay alipin na ng kasalanan*." Hindi mo maaaring pagaanin ang kalagayan mo sa pagsasabing, "*paminsan-minsan lang. Maari ngang ako'y nagkakasala, pero hindi naman mabigat*." Walang ganyang *qualification* si Hesus. Ang sinabi lang Niya, "*Kung nagkakasala ka, ikaw ay alipin ng kasalanan*."

Ang hinaharap mo sa batas sa halip na katuwiran ay kahatulan ng Diyos. Ang itinatadhana ng batas ng Diyos sa nagkasala ay kaparusahan, at ang parusa ay kapahamakan. Kaya sa pagharap ng mga Fariseo at mga eskriba ng isang nagkasala sa Panginoong Hesus sa hangaring igawad Niya dito ang kahatulan, lumabas na sila mismo ang nararapat hatulan. Huwag kang sumunod sa kabulagan ng mga Fariseo at mga eskriba. Mamulat ka, at lumaya kay HesuKristo ngayon ~ hindi sa katuwiran ng pagsunod at pagpapakabuti, kundi sa ginawa ni HesuKristo, ang tangi mong pag-asa.

Isang pinakabantog na manunulat sa kasaysayan si Dante Aleghieri, na namatay noong 1321. Ang pinakabantog niyang sinulat ay ang kanyang mahabang tula na *"Inferno"* na, sa kasalukuyan, ay lalong pinabantog ng nobela ni Dan Brown. Pero, sa katunayan, ang isinulat ni Dante ay tatlong bahagi. At ang dalawa pang kasunod ng *Inferno* ay *Purgatorio* at *Paradiso*. Ang buong titulo nito ay *The Divine Comedy*, hindi *comedy* ayon sa karaniwang alam natin kundi *comedy* bilang kabaligtaran ng *tragedy*. Ibig sabihin ng *comedy* masaya ang kinahinatnan.

Sa pagsasalaysay ni Dante, ang mabubuting tao ang umaakyat sa *Paradiso*. Iyan ang kabulagan na bumabalot sa isipan ng mga mapagmatuwid ~ na aakyat sila as paraiso ng Diyos dahil sa kanilang katuwiran. Hindi! Lahat tayo ay pabulusok sa impiyerno ng kapahamakan dahil sa ating kasalanan, at ang tanging pag-asang tayo'y makapiling ng Panginoon sa Kanyang kalangitan ay sa paraan ng Panginoong HesuKristo. Ito ang mga mapagmatuwid. Ginagamit ang batas, umaasa sa batas, upang magmatuwid sa Diyos.



*Ganito ang ginagawang pagpapatawad ng Panginoong HesuKristo. Mawawala lahat ng mga pananagutan ng isang nagkasala na lalapit sa Kanya, at pinatawad, Wala na siyang pananagutan sa harap ng hatol ng Diyos. Hindi dahil winalang-bahala ng Diyos ang pagkakasala. Hindi basta na lang binura ang kanyang kasalanan. Ang dahilan ay ang ebanghelyo. Humalili ang ating Panginoong HesuKristo para sa nagkasala, at tumanggap ng parusa na dapat igawad sa nagkasala.*

HAMON: *Akuin mo, at huwag mong itago, ang iyong kasalanan sa harap ng amapagpatawad na Panginoong HesuKristo.*

Karaniwang pinagtatakpan natin ang ating mga kasalanan. Gaya ng mga nahulihan ng droga, huling-huli na sa akto, kung ano-ano pang ida-dahilan. "*Hindi ko po alam na droga yan; naibigay lang sa akin.*" At kung hindi na mapagtakpan, ang kasunod nilang gagawin ay pagaanin ang kasalanan. "*Eh kasi mahirap po ako.*" "*May sakit ang aking pamilya.*" Iyan ang gagawin ng abogado. Kung hindi niya mapagtakpan ang kasalanan, hahanap siya ng paraan para ito ay mapagaan. At nagkakamali ka kung iyan ang iyong paraan. Ang tanging paraan ay akuin, pagsisihan, at ilapit sa Panginoong HesuKristo. Sabi ng Awit 32:1f, "*Mapalad siya na pinatawad ang pagsuway, na ang kasalanan ay tinakpan. Mapalad ang tao na hindi pinaparatangan ng kasamaan ng Panginoon.*"

Ang Panginoon ang tanging makapagtatakip, ang makapagpapawalang-sala. Pero ang hinihingi sa nagkasala, "*Nang hindi ko ipinahayag ang aking kasalanan, nanghina ang aking katawan… Kinilala ko ang aking kasalanan sa iyo, at hindi ko ikinubli ang aking kasamaan*." Awit 32:3, 5

Huwag mong ikubli! Huwag mong itago! Huwag mong pagtakpan! Huwag mong pagaannin! Sa halip, akuin mo sa kabigatan nito ang iyong kasalanan. Nariyan ang pagpapatawad kung ilapit mo nang buong-buo ang iyong sarili kay HesuKristo, at hindi mo pagtatakpan. Hangga't humahanap ka ng paraang iba, hindi mo masusumpungan ang kapatawaran.

Sinabi ni Martin Luther na palagi siyang nangungumpisal noong bago siya nakasumpong ng ebanghelyo. At tuwing mangumpisal niya'y, inaabot siya ng isang oras. Siguro, pagkatapos niya mangumpisal, ang pari naman ang gusto mangumpisal kasi nauubusan siya ng pasensya sa taong isang oras mangumpisal sa kanya! Pero, walang katiyakang paraan 'yun ng paghahanap ng kapatawaran. Ang tanging katiyakan ay sa Panginoong HesuKristo lamang. Siya ang humalili sa kasalanan kaya sa Kanya lamang ang kapatawaran. At kung lumapit ka sa Kanya, at humingi ng kapatawaran, buburahin njya ang pananagutang dala ng hatol sa iyo.

bilang presidente, isa sa mga una niyang ginawa ay pinatawad ang dating Pres. Nixon ~ bagay na, sabi ng mga eksperto, ay naging dahilan kung bakit hindi siya nanalo sa sumunod na halalan.

Walang nakapagbago ng kanyang ginawang pagpatawad. Walang anumang asunto na hinarap si Presidente Nixon dahil binura ang lahat niyang panangutan. Nangyayari 'yan maging sa lipunan ng tao kapag may pagpapatawad. Burado ang lahat ng pananagutan sa hatol ng batas.

Ganito ang ginagawang pagpapatawad ng Panginoong HesuKristo. Mawawala lahat ng mga pananagutan ng isang nagkasala na lalapit sa Kanya, at pinatawad, Wala na siyang pananagutan sa harap ng hatol ng Diyos. Hindi dahil winalang-bahala ng Diyos ang pagkakasala. Hindi basta na lang binura ang kanyang kasalanan. Ang dahilan ay ang ebanghelyo. Humalili ang ating Panginoong HesuKristo para sa nagkasala, at tumanggap ng parusa na dapat igawad sa nagkasala. Para sa mga lalapit at sasampalataya sa Kanya, ang parusa at pananagutan ng kanilang kasalanan ay pawang sinagot na ng Panginoon. Wala na silang anumang sagutin kung sila ay pinatawad na. Nagparusa na Siya ng kasalanan na inangkin na ng Panginoong HesuKristo.

Isa lang ang ibig sabihin niyan, walang ibang kapatawaran maliban sa paraan ng Panginoong HesuKristo. Humanap ka ng kapatawaran ng Diyos sa iyong sariling paraan, at wala kang maaasahang kapatawaran. Ito ang sinabi ni Pablo, nang siya'y mangaral sa Antioquia: Gawa 13:38f, "*sa pamamagitan ng taong ito'y ipinahahayag sa inyo ang kapatawaran ng mga kasalanan; at sa pamamagitan niya ang bawat nananampalataya ay pinawawalang-sala sa lahat ng bagay, kung saan hindi kayo kayang ipawalang-sala ng kautusan ni Moises.*" Ang tanging pagpapawalang – sala ay kay HesuKristo. Walang pagpapawalang-sala sa ano pa mang bagay, sa ano pa mang paraan.

Kapag ang isang akusado ay humarap sa korte, isa lang sa dalawang sintensya ang inaasahan niya, *guilty & not guilty.* At sinasabi dito ni Pablo na ang sintensyang *not guilty* ay posible lamang kung ikaw ay na sa Panginoong HesuKristo. Sa ibang paraan, ang tanging sintensya ay *guilty.* May sala! Iyan ang problema natin, may *record* tayo! May naka-ambang parusa sa ating kasalanan. At pananagutan natin ito, nararamdaman man natin, o hindi.

Hindi ito isang damdamin. Ito ay isang katayuan; isang *record.* May mga kumukuha ng *NBI clearance* o *police clearance* sa atin. Minsan, doon nalalaman na may record pala sila. Madalas, ito ay dahil nakapareho ng pangalan ang isang kriminal, at ito ay naitala sa kanila. Isipin ninyo ang *stress* na dulot ng kamaliang 'yan ~ ang malaman mong kriminal ka pala sa harap ng lipunan, bagamat namuhay kang masunurin sa batas! Ganunpaman, naiwawasto ang pagkakamaling 'yan. Pero ang *record* mo sa harap ng Diyos, hindi magkakamali.

Lahat tayo ay may *record.* May krimeng hahatulan. Iyan ang binubura ng kapatawaran ng Diyos. Iyan ang sinasabi sa Roma 8:1. Wala nang sintensyang *guilty* ang isang na kay HesuKristo na.



*Hindi Niya itinanggi ang bintang sa babae. Hindi Niya rin itinanggi na kamatayan ang hatol na dapat sa babae. Ang hinamon Niya dito ay ang katayuan ng mga nanghuhusga. Sinasabi Niya na totoong nagkasala ang babae. At totoo na ang dapat ihatol sa kanya ay kamatayan. Ngunit ngayon, sino ang nasa katayuan upang unang bumato sa kanya?* "Ang walang kasalanan sa inyo ang siyang unang bumato sa kanya."

***II. Ginagamit ang batas upang ipanghatol sa kapwa***

Samantalang sa gana ng kanilang sarili, umaasa sila sa batas, ang gamit naman nila sa batas patungkol sa kanilang kapwa na hindi tinatanggap ay pambintang. Dinala nila kay Hesus ang babae upang ipamukha sa Kanya kung sino sa kanila ang maka-batas. Gusto nilang ipakita sa madla na ~ "Heto *kami. Sumusunod kami sa batas ni Moises. Handa kaming gawaran ng kamatayan ang babaeng ito.*" Gusto nila ipakita na hindi handa si Hesus na gawin ito. "*Kami ang makabatas. Siya ay hindi.*" Subalit, sila ang napigilan, at napahiyang umalis nang ipanghamon na ni Hesus ang batas sa kanila.

Punto: *Ang paggamit ng batas upang manghusga sa kapwa makasalanan ay kabaligtaran ng ebanghelyo ni HesuKristo.*

Tandaan natin na ang pinagsasalungat dito ay ang paggamit ng batas para humatol, Iyan ang mga fariseo at eskriba, at ang ebanghelyo ni HesuKristo. Ganyan pinagsalungat si Moises at si HesuKristo sa umpisa ng ebanghelyo ni Juan (Juan 1:17). Ngayon ay pinagharap, pinag-umpugan ang batas upang manghusga laban sa ebanghelyo ng Panginoong HesuKristo.

Kung gusto talaga ng mga fariseo at eskriba na tuparin ang batas, bakit sa Panginoong Hesus nila dinala ang babae? Dahil alam nila, bilang marunong sa batas, na hindi maaring angkinin ng mga Hudyo ang hatol ng pagpatay. Ito ay nasa kamay ng mga kinatawan ng Roma.

Kung inyong matatandaan, nang nililitis nila ang Panginoong Hesus, gusto nila na Siya'y patayin. Hindi nila kayang gawin iyon sa kanilang sariling pasiya. Kinailangan nilang dalhin kay Pilato. Si Pilato ang *Roman Consul*, o ang tawag nila'y *prefect*. At bilang kinatawan ng Roma, siya lang ang makakapaggawad ng kamatayan. Alam ng mga mambabatas ito bilang fariseo at mga eskriba, kaya ang tanging hangad lang nila, nang dalhin nila sa Panginoong Hesus ang babae, ay ipahiya siya. Ang sabi nga ng ating talata, "*para siya paratangan.*" Alam nilang hindi hahatulan ng Panginoon ng kamatayan ang babae Gusto lang nila hiyain Siya. Ngunit napahiya sila sa naging tugon ng Panginoong Hesus sa kanila.

Sinabing nagsulat si Hesus sa buhangin, pero hindi sinabi kung ano ang Kanyang isinulat. Sa palagay ko, isinulat Niya ang iba't ibang kasalanan: pagpapaimbabaw, pagyayabang at ang iba't iba pang kasalanang maiharap sa mga fariseo at eskriba, samantalang ibinibintang nila ang pangangalunya at pakiki-apid sa babaeng ito. At pansinin ninyo ang tugon Niya. Hindi Niya itinanggi ang bintang sa babae. Hindi Niya rin itinanggi na kamatayan ang hatol na dapat sa babae. Ang hinamon Niya dito ay ang katayuan ng mga nanghuhusga. Sinasabi Niya na totoong nagkasala ang babae. At totoo na ang dapat ihatol sa kanya ay kamatayan. Ngunit ngayon, sino ang nasa katayuan upang unang bumato sa kanya? "*Ang walang kasalanan sa inyo ang siyang unang bumato sa kanya*." Sino sa inyo ang aangkin ng ka-walang kasalanan upang humatol sa nagkasala?

Hindi ipinagbabawal ang kaukulang parusa sa mga nagkakasala sa lipunan, hindi mali ang humatol. Sinabi ng Panginoong Hesus sa ebanghelyo ni Juan, 7:24, "*Huwag kayong humatol batay sa anyo, kundi humatol kayo nang matuwid na paghatol.*"

May papel para sa hukuman sa isang lipunan. Ang binubunyag ni Hesus dito ay ang pangit na kalooban ng mga mapanghusga nang dahil sa pagmamatuwid sa sarili. Parang taong nanlilibak ng kanyang kapwa dahil putikan ang katawan samantalang siya ay nakalublob. Ganito ang kalagayan ng mga fariseo at mga eskriba. Lublob sila sa kasalanan ng pagmamatuwid, at nakikita nila ang kasalanan ng kanilang kapwa. Handa sila na gamitin ang batas upang ipanghampas sa kanilang kapwa. Ganito ang diwa ng panghuhusga.

HAMON: *Unahin mong timbangin ang kasalanan mo sa harap ng Diyos sa halip na manghusga ng kapwa.*

Kalimitan ang nagiging mapanghusga bilang pagtatakip sa sariling kasalanan. Pinapagaan ang konsenya sa pagsasabing "*siya ang makasalanan,*" at kanyang iniwawaksi sa kanyang sarili ang bintang ng batas o ng kanyang konsensya.

Minsan, nagpadala ang mga fariseo at mga eskriba ng mga kawal upang dakpin ang Panginoong Hesus, ngunit ang sabi sa salaysay ni Juan, nang marinig nila ang pagsasalita ni Hesus, hindi nila magawa na siya'y dakpin. At nang bumalik ang mga kawal sa mga fariseo at mga eskriba, ito ang sinabi ng mga fariseo at mga eskriba: 7:48f , "*Kayo ba naman ay naliligaw na rin? Mayroon ba sa mga pinuno, o sa mga fariseo na sumasampalataya sa kanya*? *Subalit ang mga taong ito na hindi nakakaalam ng kautusan ay mga sinumpa…*" Ang mataas ang tingin sa kanilang sarili, binababa ang tingin sa mga alagad.

Sinasabi ng mga fariseo: "*Mga matatalino kami sa batas*. *Hindi kami kagaya ng mga taong yan na sumusunod kay Hesus, mga walang alam at mga sinumpa*." Ganyan ang diwa ng mapanghusga. Pero ilagay natin doon sa ebanghelyo.

Kung tutuusin, sa hamon ni Hesus, "*sino ang walang kasalanan sa*



*Hindi siya nawalan ng hatol dahil wala siyang sala. May sala siya, at dapat hatulan, ngunit ang ginagawa ng kapatawaran ay pawiin ang pananagutan na iyon. Ipangwasto natin ito sa karaniwang nating pananaw tungkol sa pagpapatawad.*

### *I. Binubura ang pananagutan sa hatol*

Ang naging hamon ni Hesus ay, "*Kung sino ang hindi nagkasala, siya ang bumato hanggang ang babae ay mamatay.*" Pero walang nangahas!

Huwag nating kalimutan na si Hesus ay walang-sala. Siya ang nasa katayuan na gumawad ng hatol. Ngunit, sa halip, ang sinabi Niya, na may pagtitiyak, sa babae ay, "*Hindi Kita hinahatulan*." Ganyan ang dating ng ebanghelyo sa makasalanan. Sinasabi ng batas, "*Ikaw ay nagkasala*!" Sinasabi ng batas, "*Dapat kang hatulan ng parusa*!" Katotohanan iyan! Ngunit ngayon, itinatapat ng ebanghelyo sa nagkasala sa batas, at dapat parusahan ng batas ng Diyos ~ sa humaharap kay Panginoong HesuKristo nang may pananampalataya, "*Walang hatol*!" Ganyan ang ginagawa ng kapatawaran ni Hesus.

<u>Punto</u>: *Ang pagpapatawad ay pagpawi sa anumang pananagutan ng may sala sa hatol ng Diyos.*

Hindi siya nawalan ng hatol dahil wala siyang sala. May sala siya, at dapat hatulan, ngunit ang ginagawa ng kapatawaran ay pawiin ang pananagutan na iyon. Ipangwasto natin ito sa karaniwang nating pananaw tungkol sa pagpapatawad.

Karaniwan, ang pananaw natin ng pagpapatawad ay pangdamdamin, emosyonal. Kapag sinabi natin sa isang taong nagawan natin ng mali, "*Patawarin mo na ako*!" ang karaniwang ibig nating sabihin ay, "*Huwag ka nang magalit sa akin*!" Pandamdamin. At kung sabihin niyang,"*Pinapatawad na kita*," ang unawa natin doon ay hindi na siya galit. Pandamdamin pa din. Emosyon ang umiiral. At kapag sinabi naman niya, "*Hindi pa kita mapatawad ngayon*," ang ibig sabihin ay, "*Galit pa rin ako*! *Nasasaktan pa ang aking damdamin*." Ganyan ang unawa natin sa pagpapatawad. Pandamdamin! Nagkakamali tayo sa pag-unawa natin sa pagpapatawad ng Diyos. Ang pagpapatawad ng Diyos ay walang kinalaman sa Kanyang emosyon. Walang kinalaman sa Kanyang damdamin. May kinalaman ito sa hatol na dapat igawad sa isang nagkasala ~ ang pagbura ng hatol na iyon.

Nang si Pres. GMA ay nagpatawad kay Presidente ERAP, hindi ibig sabihin na hindi na siya galit. Maaaring ang motibo niya ay politika, ngunit ang punto ay, sa pamamagitan ng kanyang pagpatawad, nawala lahat ng panangutan ng nagkasalang Pres. ERAP sa mga usapin niya sa batas. Ganon din ang nangyari matapos magbitiw sa katungkulan si Pres. Nixon gawa ng Watergate Scandal, at pumalit sa kanya si Bise-Pres. Gerald Ford. Sa unang buwan pa lamang niya

Nang maiwan ang babae sa harap ni Hesus, nawala na ang mga nagparatang at mga humatol sa kanya. Tandaan natin na ang hamon ni Hesus ay "*sino sa inyo ang walang kasalanan*?" Sa lupon na iyon, isa lang ang walang kasalanan. Isa lang ang pwedeng humatol. Isa lang ang nasa katayuan na maggawad ng kamatayan sa babae, kung sakaling naisin Niyang gawin ang sinasabi ng batas ni Moises na batuhin ito hanggang mamatay. At iyan ang Panginoong Hesus mismo.

Nag-alisan ang mga fariseo at mga eskriba sapagkat alam nila, sa kanilang konsensya, na sila man ay nagkasala. Wala silang karapatan… wala sa katayuan na manghusga at maggawad ng kamatayan. Ngayon, narito ang Panginoong Hesus, ang walang kasalanan, Siya ang makahahatol. Subalit ang sabi Niya sa babae ay "*hindi Kita hinahatulan.*" Ito ang laman ng ebanghelyo, ang mabuting balita sa isang katulad ng babaeng makasalanan. Walang maikakatwiran sa kanyang sarili. Ang dalang mensahe ng ebanghelyo ay walang kahatulan sa sinumang haharap at lalapit sa Panginoong HesuKristo, gaano man ang kanyang kasalanan. Hanggang ngayon, ito pa rin ang katotohanan. Tanging ang Panginoong HesuKristo ang tugon sa isang makasalanan gaano man ang kanyang pagkakasala. Kaya't tapusin natin ang serye na ito sa ganitong mensahe,

## MENSAHE: *Ang kapatawaran ng Panginoong HesuKristo ay higit sa pinakamasahol na kasalanan.*

Ang dalang mensahe ng iglesia ay tinatawag na ebanghelyo. Ibig sabihin, "*mabuting balita*." Ngunit, mabuting balita para kanino? Mabuting balita para sa mga tumanggap ng masamang balita. At ang masamang balita ay, hinatulan tayo ng Diyos. Hinatulan tayo dahil sa ating mga kasalanan. Karapat-dapat ang hatol, at walang lusot! Ngunit narito ang tanging makapagbibigay ng sagot sa ating miserableng kalagayan ~ ang ating Panginoong HesuKristo. Narito ang napakagandang balanse ng Kanyang mensahe ng kaligtasan para sa makasalanan, kung bakit ito ay nakahihigit sa pinakamasahol na kasalanan. Ang sabi ni HesuKristo, "*Hindi kita hinahatulan*." Higit pa dito, agad Niyang idinagdag, "*Humayo ka na, at mula ngayon ay huwag ka nang magkasala.*" Dalawang bagay ang sinasabi nito sa kapatawaran ng Panginoong HesuKristo na nakahihigit sa kasalanan.

1. Binubura ang pananagutan sa hatol
2. Binababago ang pagka-alipin ng puso



*inyo*?" Isa lang ang walang kasalanan. Isa lang ang nasa katayuan na bumato at maggawad ng kamatayan. Ngunit anong nangyari? Napahiyang nag-alisan ang mga nangbintang, at sinabi sa ating talata, "*naiwan si Hesus at ang babae.*" Isipin niyo ang magkaharap dito: ang walang kasalanan at ang nagkasala. Sa halip na hatol ang igawad sa babae, hamon ng pagsisisi at pagtanggap sa Kanya. Ganyan ang ebanghelyo!

Gayon pa rin si Hesus sa mga makasalanan ngayon. Hindi parusa ang nais Niya para sa inyo. Pero habang umiiral sa inyo ang pag-asa niyo sa batas, at paggamit ng batas para manghusga, hindi nyo malalaman ang ebanghelyo. Ang pagparito ng Panginoong HesuKristo ay ipinaliwanag ni Juan sa ganitong pananalita, 3:17, "*Sapagkat hindi sinugo ng Diyos ang Anak sa sanlibutan upang hatulan ang sanlibutan, kundi upang ang sanlibutan ay maligtas sa pamamagitan niya…*"

Ito ang salita pagkatapos na pagkatapos ng tinatawag na *most popular verse of the Bible* na John 3:16. At totoo yan sapagkat naparito si Hesus hindi upang humatol. May araw na darating na hahatol Siya ngunit habang narito ang palugit, hinaharap ka Niya gaya ng pagharap Niya sa babaeng ito na nagkasala, at hindi Siya humaharap bilang tagahatol, Humaharap Siya bilang Tagapagligtas ng makasalanan. Angkinin natin ito bilang iglesia. May misyon tayo ayon sa pagkasugo ng Anak.Hindi misyon ng paghahatol kundi misyon ng pagliligtas.

Malimit na ninyong narinig sa akin ang salaysay ni Charles Colson, kung paano siya bumagsak mula sa kapangyarihan, at nakulong. Mula sa pagkakulong, dinalaw siya ng biyaya ng Diyos. At nang siya ay maligtas, kanyang ginawang *commitment* na gumawa ng ministeryo na aabot sa mga bilanggo, at tinawag itong *Prison Fellowship.* Nagsulat siya ng isang aklat na binigay niya ang istorya ng *Prison Fellowship* at ang pamagat na inilagay niya sa kanyang aklat ay *God Behind Bars.* Sinasabi niyang maging sa likod ng mga rehas, kung saan nakakulong ang mga nagkasala sa lipunan, naroon ang Diyos ~ sa mga kriminal na sinabi ng ating presidentena," *they have no humanity.*" Sinabi ng Panginoong Hesus na naparito Siya, hindi upang humatol. Maging ang biyaya ng Diyos ay pumapasok sa loob ng rehas. Maniwala tayo sa ganitong biyaya ng Diyos.

Nahatulan tayo ng batas ngunit ang mga nanamapalataya ay maliligtas sa hatol dahil sa biyaya ng PanginoongHesuKristo.

---

*Napahiyang nag-alisan ang mga nangbintang, at sinabi sa ating talata,* "naiwan si Hesus at ang babae." *Isipin niyo ang magkaharap dito: ang walang kasalanan at ang nagkasala. Sa halip na hatol ang igawad sa babae, hamon ng pagsisisi at pagtanggap sa Kanya. Ganyan ang ebanghelyo!*

# SINO ANG WALANG KASALANAN?
## *Ang Nagkasala*

**March 12, 2017**

Ilang araw ang nakakaraan, nakikinig ako sa mga pagdinig na ginagawa sa Senado. Natawag ang aking pansin sa testigo na ipinapaliwanag ang kanyang pagbaligtad sa kanyang naunang testimonya. Sinabi niyang nakaranas siya ng *spiritual renewal*. Iyon mismo ang salita na kanyang ginamit, at iyon ang dahilan na kinailangan daw niya sabihin na ang katotohanan. Dahil dito, nagsimulang magdiskurso ang ilang mga senador kung ano ang mga kaisipan at opinyon nila tungkol sa g *spiritual renewal.*

Mabuti na lamang sila'y mga senador, at hindi mga mangangaral sapagkat karamihan ng kanilang mga sinabi ay mali. Ngunit may isang nakatawag ng aking pansin sapagkat ginamit niya ang talata ng Bibliya na mismong talatang tagpo na ating ginagamit. Siya ang pinakamalapit subalit sumablay pa rin pero dito makikita natin ang kaisipan ng *spiritual renewal* ay isang interes na hinaharap ng nakakarami, hindi lamang ng mga *religious leaders.*

Ito ang pinag-aaralan nating tagpo sa ebanghelyo na isang magandang larawan ng talagang pagbabagong espiritwal. Hindi man tayo tiyak kung saan dapat paglagyan ng talatang ito sapagkat nakita ito sa iba't ibang lugar ng orihinal na mga *manuscripts,* ganyunman, ang tiyak ay totoong nangyari ang salaysaysay na ito at ito ang ating tinututukan na nangyari. Pambihira ang pangayayari. Walang katulad sa anomang tagpo sa Ebanghelyo.

Dinala ng mga Fariseo at mga eskriba ang isang babae na sinabi nila'y nahuli sa akto ng pangangalunya o pakiki-apid. Gusto nilang si Hesus ang humatol dito. Sinasabi nila na maliwanag ang sinasabi ng Kautusan ni Moises na ang ganitong kasalanan ay dapat gawaran ng hatol ng kamatayan. Kaya't para sa kanila, narito ang isang kaso na kung si Hesus ay totoong nasa panig ng Batas ng Diyos, dapat Niyang hatulan ang babaeng ito ng hatol ng kamatayan.

Ngunit ipinaliwang din ng may-akda na ang kanilang hangarin sa pagdadala ng babae kay Hesus ay upang Siya lamang ay paratangan. Sapagkat alam ng mga taong ito, mga Fariseo at mga eskriba sila na marunong sa batas, hindi maaaring gawaran ng sinumang Hudyo ang sinumang tao ng kamatayan. Kung maalala ninyo sa paglilitis ni Hesus, kinailangan ng mga matatanda't mga lider ng mga hudyo na dalhin si Hesus kay Pilato sa hangaring Siya'y patayin. Sapagkat hindi nila maaaring gawaran ng hatol ng kamatayan maliban na ito ay manggaling sa kinatawan ng Roma at ito nga ay si Pilato. Kaya't nang dalhin nila ang babae dito kay Hesus para hatulan, alam nilang hindi Niya ito gagawin at ang gusto lang nila ay ipahiya siya at paratangan sa harap ng madla.

Subalit ang naging tugon sa kanila ni Hesus, "ang walang kasalanan sa inyo ang siyang unang bumato sa kanya." At dito ibinalik ni Hesus sa kanila, naghahangad sila ng paghatol, hindi naman sila mga mahistrado at ang Kanyang hamon ay "sino sa inyo ang walang kasalanan na dapat gawaran din ng hatol



ka na ba sa ganitong karanasan? Ang isahang pagharap sa Panginoon? Ikaw lang sa harap ng Panginoong HesuKristo sapagkat habang nananatili kang humahawak sa iba ~ sa simbahan man, relihiyon, kabutihan, o moralidad; hangga't humahawak ka sa iba, hindi ka isahang humaharap sa Panginoon. Hindi mo mararanasan ang kaligtasan.

Narito ang halimbawa ng isang babaeng nahuli sa kasalanan, humarap sa Panginoong HesuKristo nang isahan; at magkaranas ng pagpapatawad. Ang nagkasala ay alipin ng kasalanan hanggang siya ay palayain ng Panginoong HesuKristo. Tiningnan natin, sa maikling seryeng ito, ang mga mapanghusga, at ang nagkasala. Sa huling yugto ng ating serye, tingnan natin ang mapagpatawad na Tagapagligtas.

> *Nang maiwan ang babae sa harap ni Hesus, nawala na ang mga nagparatang at mga humatol sa kanya. Tandaan natin na ang hamon ni Hesus ay "sino sa inyo ang walang kasalanan?" Sa lupon na iyon, isa lang ang walang kasalanan. Isa lang ang pwedeng humatol. Isa lang ang nasa katayuan na maggawad ng kamatayan sa babae, kung sakaling naisin Niyang gawin ang sinasabi ng batas ni Moises na batuhin ito hanggang mamatay. At iyan ang Panginoong Hesus mismo.*

**TALATANG BASAHIN:**

Juan 8:1 – 11 = *Samantala, si Jesus ay pumunta sa bundok ng mga Olibo. Kinaumagahan, siya ay bumalik sa templo, at ang buong bayan ay lumapit sa kanya. Siya'y naupo at sila'y tinuruan. Dinala sa kanya ng mga eskriba at ng mga Fariseo ang isang babaing nahuli sa pangangalunya. Nang kanilang patayuin siya sa gitna, ay sinabi nila sa kanya, "Guro, nahuli ang babaing ito sa akto ng pangangalunya. Sa kautusan ay ipinag-utos sa amin ni Moises na batuhin ang mga ganyan. Ano ngayon ang iyong masasabi tungkol sa kanya?"*

*Ngunit ito'y kanilang sinabi upang siya'y subukin, upang sa kanya'y may maiparatang sila. Subalit yumuko si Jesus, at isinulat ang kanyang daliri sa lupa. Habang sila'y nagpapatuloy ng pagtatanong sa kanya, tumayo siya at sinabi sa kanila, "Ang walang kasalanan sa inyo ang siyang unang bumato sa kanya." At muli siyang yumuko, at isinulat ang kanyang daliri sa lupa. Nang ito'y kanilang marinig ay isa-isa silang umalis, simula sa mga matatanda. At si Jesus ay naiwang nag-iisa at ang babaing nakatayo sa gitna. At sinabi niya, "Walang sinuman, Panginoon." Sinabi ni Jesus, "Hindi rin kita hinahatulan. Humayo ka na at mula ngayo'y huwag ka nang magkasala."*

## SINO ANG WALANG KASALANAN?
### *Ang Nagpatawad*

**March 19, 2017**

Kung inyong maalala, pagkababa na pagkababa ni Presidente Noynoy Aquino sa pwesto, at sa unang araw niya bilang isang pribadong mamamayan, siya *ay humarap agad sa mga asunto sa husgado. Ang dalawang presidente na kanyang sinundan ay kapwa rin humarap sa sari-saring kaso. Dumanas si Presidente Gloria Macapagal Arroyo (GMA) ng hospital arrest ng ilang taon, at kamakailan lamang siya napawalang-sala. Si Presidente Erap naman na kanyang sinundan ay na-*house arrest*, at nasintensyahan na may sala ngunit nabigyan ng *pardon* ni GMA. Makikita natin dito ang iba't ibang larawan pagharap sa sala ng lipunan. Malimit, sa lipunan, ang umiiral ay ang politika. Kung sino ang nasa kapangyarihan, iyon ang mangyayari sa hinaharap na sala.

Iba ang pagharap natin sa sala natin sa Diyos dahil sa kabanalan ng Diyos at sa Kanyang katarungan na hindi kinokompromiso. Ang kasalanan ay seryosong humaharap sa hatol ng Diyos; hatol na hindi mamaliitin, hindi ikokompromiso. Ito ang isang bagay na dapat seryosohin ng bawat makasalanan.

May pinag-aaralan tayong tagpo sa ebanghelyo na isang magandang larawan ng pagharap sa kasalanan at, balang-araw ay hahatol sa kasalanan, at iyan ang ating Panginoong HesuKristo. Bagamat hindi tiyak kung saang talata dapat nakalagay, ang tiyak ay totoong nangyari ang tagpong ito.

Tingnan natin ang mga napakahalagang aral ng talatang ito. Ito ay pambihirang pangyayari, at walang katulad sa ebanghelyo. Isang babaeng nahuli ng mga fariseo at eskriba sa akto ng pakiki-apid, at ngayon dinala sa Panginoong HesuKristo upang Kanyang hatulan. Sa kanilang palagay, maliwanag ang sinasabi ng batas. Narito ang isang kaso na walang sablay, walang lusot sapagkat huli sa akto. At maliwanag ang sinasabi ng batas ni Moises na ang ganong kaso ay dapat hatulan ng batas ng kamatayan.

Ngunit tandaan natin na, sa panahong iyun, ang parusa ng kamatayan ay maaaring igawad ng imperyo ng Roma lamang. Nasa ilalim ng imperyo ng Roma ang Palestino noon, kasama ang bayang Israel, kaya't ang tunay na motibo ng mga fariseo at mga eskriba sa pagdadala ng babae sa Panginoong Hesus ay hindi talaga ang pagpapahalaga sa batas ni Moises. Ang maliwanag na sinabi sa ating binasang talata ay gusto lamang nilang maparatangan ang Panginoon, at mapahiya ang babae. Ngayon narito ang naging salita ni Hesus sa kanila, "*kung sino ang walang kasalanan, siya ang unang bumato hanggang mamatay ang babae*." At isa-isang lumayo ang mga nagpaparatang sa kanya sapagkat silang lahat ay may kasalanan. Makikita natin ang katotohanan na: ang sinumang nasa ilalim ng hatol ng batas ng Diyos ay wala sa katayuan para manghusga.

Ang naiwan na lamang ay ang Panginoong HesuKristo at ang babaeng nagkasala. Ganito ang harapan na dapat mangyari sa pagitan ng isang makasalanan at ng Tagapaglitas na si Panginoong.Hesus: isahan. Nakarating



ng Diyos." Ang ipinapakita diyan ni Hesus na nakita natin noong nakaraang linggo, "ang nasa ilalim ng hatol ng batas ng Diyos ay wala sa katayuan na manghusga." Kaya't iyan ang tinignan natin noong nakaraan, ang mga mapanghusga. Ngayon, itutok natin sa mismong nagkasala.

---

*Isang dalang mensahe ni HesuKristo na nabigyang-diin dito sa ebanghelyo ni Juan ay ang kaligtasan sa usapin ng pagpapalaya. Maraming larawan ang ginamit sa Biblia, lalo na sa Bagong Tipan, tungkol sa kaligtasan. Isa sa mga larawan na iyan ay ang kalayaan mula sa kasalanan. Ang ibig sabihin, ang kalagayan ng makasalanan ay alipin hanggang palayain siya ng Panginoong HesuKristo.*

**TALATANG BABASAHIN:**

Juan 8:7 – 10, "*Habang sila'y nagpapatuloy ng pagtatanong sa kanya, tumayo siya at sinabi sa kanila, "Ang walang kasalanan sa inyo ang siyang unang bumato sa kanya." At muli siyang yumuko, at isinulat ang kanyang daliri sa lupa. Nang ito'y kanilang marinig ay isa-isa silang umalis, simula sa mga matatanda. At si Jesus ay naiwang nag-iisa at ang babaing nakatayo sa gitna. Tumayo si Jesus at sinabi sa kanya, "Babae, nasaan sila*? *Wala na bang ni isang humatol sa iyo*?"

Nakita natin na napahiya nga ang mga fariseo at mga eskriba. Nasumbatan ang kanilang mga konsensya, at isa-isa silang nag-alisan hanggang naiwan ang Panginoong HesuKristo at ang babaeng nagkasala. Ito ang larawan na dapat nating isaisip ~ na ang nagkasala ay mag-isang haharap sa Panginoong HesuKristo.

Nariyan ang pagkakataon ng kaligtasan. Anuman ang iyong kasalanan, kung haharap ka sa Panginoong HesuKristo, Siya ay haharap sayo. At sa harapan na yan ang pagkakataon ng kaligtasan. Hindi ang pagkapit sa iba kundi pagharap lamang sa Panginoong HesuKristo. Ano ang kalagayan ng babae sa kanyang kasalanan at ano ang nangyari dahil hinarap siya ng Panginoong HesuKristo?

### MENSAHE: *Ang nagkasala ay alipin ng kasalanan hanggang mapalaya siya ng Panginoong HesuKristo.*

Isang dalang mensahe ni HesuKristo na nabigyang-diin dito sa ebanghelyo ni Juan ay ang kaligtasan sa usapin ng pagpapalaya. Maraming larawan ang ginamit sa Biblia, lalo na sa Bagong Tipan, tungkol sa kaligtasan. Isa sa mga

larawan na iyan ay ang kalayaan mula sa kasalanan. Ang ibig sabihin, ang kalagayan ng makasalanan ay alipin hanggang palayain siya ng Panginoong HesuKristo. Ito nga ang dala-dalang mensahe ng ating Panginoon sa 8:34-36, "*Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang bawat nagkakasala ay alipin ng kasalanan. Ang alipin ay walang palagiang lugar sa sambahayan. Ang anak ay may lugar doon magpakailanman. Kaya't kung kayo'y palayain ng Anak, kayo'y magiging tunay na malaya.*

Ang inilarawan Niya dito ay ang katayuan ng isang alipin na maaaring kasama ng sambahayan ngunit hindi talaga kabilang sa mag-anak na pinagbabahaginan ng ginhawa ng sambahayan. Wala siyang sariling tulugan doon. Siya ay di kabilang sa mag-anak. Siya ay isang alipin. At ang sinasabi dito ni Hesus, "*kung kayo'y palayain ng Anak ng Diyos kayo'y tunay na magiging malaya at mapapabilang sa Kanyang mga anak at hindi na alipin.*" Ganyan ang ganda ng pagiging malaya sa Panginoong HesuKristo. At ito'y inaalok sa bawat makasalanan, katulad ng babaeng ito na larawan ng isang makasalanan na pinalaya sa kanyang sukdulang pagkamasalanan. Para din ito sa iyo. Tingnan natin ang mga katotohanan tungkol sa babaeng ito dahil sa kanyang kasalanan, hanggang sa harapin siya ng Panginoong HesuKristo.

1. Kalunusan
2. Kahatulan
3. Kalayaan

*Iyan ang nakatago na makasalanang buhay sa maganda at napapalamutiang balot nito. Ikaw ay dinadala sa kalunusan. Hindi ba't iyan ang malimit natin marinig na patotoo ng mga biktima ng panggagantso kagaya ng mga* fake recruiters? *Hindi ganon kamahal... madaling makalipad sa bansang gustong pagtrabahuhan... Pero, pagkatapos ay mabubunyag na sila'y naloko lang dahil sa ganda ng mga pangako. Ganyan ang itinatago ng kasalanan sa atin. Laging may kalunusan.*

***I. Kalunusan***

Una ay dapat mong makita ang kalunusan sa kasalanan. Kung iisipin ay talagang nakalulunos ang kalagayan ng babaeng ito. Ang dinulot sa kanya ng kasalanan ay malaking kahihiyan. At pinaratangan siya ng mga fariseo at mga eskriba ay nahuli sa akto ng pangangalunya. Sa akto? Sa KJV mas pinagdiinan pa iyan, "*in the very act*." Kumbaga'y, "*walang kawala*." Sa batas, iyan ang tinatawag na "*in flagrante delicto*." Huling-huli, at walang lusot sa hukuman. Hindi lang "*circumstantial*" ang ebidensya sa kanya. May mga nakasaksi. Kaya't sa kalagayan niya, ang babae ay walang maitatago, walang maidadahilan. Mabubunyag sa lahat ang kanyang kasalanan. At tiyak na,



kaligtasang alay ang Panginoong HesuKristo.

Noong nakaraang Miyerkules, inalala ang *International Women's Day. S*ari-sari ang mga paggunita, mga selebrasyon. Karamihan dito sa ating bansa ay protesta. Ngunit, walang mas nagsasaalang-alang sa dignidad ng mga kababaihan kaysa sa ating Panginoong HesuKristo. Kaya nga't ito ay malimit maging dahilan ng pagkagulat, pagkamuhi ng mga lider ng mga Hudyo noon. maging ng Kanyang mga alagad. Isinasaalang-alang ng Panginoon ang dignidad ng lahat kasama na mga kababaihan. Ngunit hindi lang ito sa usapin ng lalaki ka ba o babae. Ito ay usapin ng pagkamakasalanan. At ito ang ginawa ng Panginoon.

Ang babae, sa kanyang buong kalagayang makasalanan ay nasa kahihiyan. Hinarap Niya ito nang walang pagpaparatang; walang paghahatol sapagkat Siya ay Tagapagligtas. Bilang iglesia, tinawag din tayo na handang humarap sa mga hindi bihis na makasalanan. Sa kalagayan nilang makasalanan, abutin natin sila, sapagkat ganito ang ating Panginoon. Ganito rin dapat ang Kanyang Iglesia.

*Sa kanyang kalagayang makasalanan, humarap siya kay HesuKristo. At hinarap siya ng Panginoong HesuKristo. Ganito ang pagtatagpo ng makasalanan at Tagapagligtas. Sa kanyang buong pagkamasakasalan, humarap sa kanya ang tanging walang kasalanan na may buong karapatang humatol. Subalit hindi siya hinatulan. Hnarap siya, hindi bilang Tagapaghatol, kundi bilang Tagapagligtas.*

***III. Kalayaan***

Ang ikatlo, kalayaan. Tinanong ni Hesus, “babae, nasaan sila? Wala na bang ni-isa sa mga humatol sa iyo?” Hindi ito tinanong ni Hesus dahil hindi Niya nakitang nag-alisan na ang mga nagpaparatang sa babae. Ito ay upang ipadama sa babae ang kanyang bagong kalagayan. Dahil humaharap siya sa Panginoong HesuKristo. wala ng bintang! Wala na ang paratang!

Punto: *Ang pinakamasahol mang makasalanan ay may kalayaan kung isahan siyang haharap sa Panginoong Hesus nang may pananampalataya.*

Mahalaga rito ang isahan. Kung nag-iisa lang ang babae, dapat mag-isa ka ring haharap sa Panginoong Hesus; walang inaasahang anupaman. Hindi ang iyong relihiyon o kabutihan, o ang pari o pastor.

Nag-iisa lang din dito ang Panginoon. Ang pagsamapalataya ay dapat sa nag-iisang Tagapagligtas lamang; walang karagdagan. Kung may dagdag ka sa Panginoong HesuKristo, hindi yan pagsampalatayang magliligtas. Magsuri ka sa iyong sarili. Ang Panginoong HesuKristo ang tanging Tagapagligtas na walang karagdagan.

Nasa kalagitnaan tayo ngayon ng *Season of Lent* para sa mga makarelihiyoso na mga tao. Isa lamang itong ritwal na inaakala nilang makakadagdag para maging mas katanggap-tanggap sila sa Diyos. Iyan ay panlilinlang sa sarili. Walang karagdagan!

HAMON: *Humarap ka kay HesuKristo sa iyong buong pagka-makasalanan.*

Ibalik natin sa punto na ang babaeng ito ay nahuli sa akto. Siguro nang siya’y kaladkarin papunta sa Panginoong Hesus, hindi pa maayos ang kanyang bihis. Baka sumunggab lang siya ng kung anong maipangtakip sa sarili. Kaya’t nasa kahiya-hiya siyang kalagayan. Ngunit sa ganong kalagayan, humarap siya kay HesuKristo. Hindi sinabi ng Panginoon na “*magbihis ka muna. Ayusin mo muna ang iyong sarili.*” Sa kanyang kalagayang makasalanan, humarap siya kay HesuKristo. At hinarap siya ng Panginoong HesuKristo. Ganito ang pagtatagpo ng makasalanan at Tagapagligtas. Sa kanyang buong pagkamasakasalan, humarap sa kanya ang tanging walang kasalanan na may buong karapatang humatol. Subalit hindi siya hinatulan. Hnarap siya, hindi bilang Tagapaghatol, kundi bilang Tagapagligtas.

Ganyan ang hamon ng ebanghelyo. Humarap ka sa iyong Panginoon na hindi magbibihis muna ng relihiyon, ng moralidad, ng kabutihan, ng ibang mga sakramento at ritwal. Humarap ka sa Kanya sa kabuuan ng iyong pagkamakasalanan. At ang pangako ng ebanghelyo ay, haharapin ka ng Panginoong HesuKristo sa Kanya ring buong pagiging Tagapagligtas. Ito ang aral ng tagpong ito para sa isang makasalanan. Sukdulan man, may sapat na



pagkatapos nito, mabubunyag sa mga nakakakilala sa kanya. Isipin ninyo ang lahat nang kahihiyan na idinulot sa kanya ng kasalanan. Ngunit hindi lamang kahihiyan. Maraming kalunos-lunos na idinudulot ang kasalanan na hindi naiisip habang nagkakasala.

Punto: *Ang pansamantalang pakinabang ng makasalanang buhay ay laging may dalang kalunusan, mga kabigatan.*

Bakit nasuong ang babae sa masamang relasyong ito? Karaniwang dahilan ay pagkatukso sa relasyon. maaring sa pita ng laman, sa pakinabang, o sa magagandang pananalita. Maaaring sa umpisa, nasusumbatan din ang kanyang konsensya ngunit naging mas malakas ang hila ng kanyang kasalanan.

Ang kasalanan ay laging nakabalot nang maganda, parang regalong hindi matanggihan. Ngunit sa sandaling matikman, gaano man katagal, pansamantala ang pakinabang ~ ilang saglit man o mahabang panahong mapagkunan ng kaginhawaan. May ilan na sa buong buhay nila sa mundo tila ang sarap at ginhawa ng kasalanan ang kanilang mararanasan, ngunit sa pagmulat ng kanilang mga mata sa walang hanggan, tatambad sa kanila ang kapahamakan ng kasalanan. Kaya’t ang ginhawa man ng kasalanan ay ilang saglit, mahabang panahon o buong buhay, darating at darating ang kanyang hangganan at mabubunyag na may sukli itong kalunusan. Para sa babae, lubos na kahihiyan sa sarili, sa pamilya, sa madla ang dadalhin niya. Ang laging kakabit ng kasalanan ay kamatayan sa huli, at kung wala kang kaligtasan, kapahamakan sa harap ng Diyos.

Iyan ang nakatago na makasalanang buhay sa maganda at napapalamutiang balot nito. Ikaw ay dinadala sa kalunusan. Hindi ba’t iyan ang malimit natin marinig na patotoo ng mga biktima ng panggagantso kagaya ng mga *fake recruiters*? Hindi ganon kamahal… madaling makalipad sa bansang gustong pagtrabahuhan… Pero, pagkatapos ay mabubunyag na sila’y naloko lang dahil sa ganda ng mga pangako. Ganyan ang itinatago ng kasalanan sa atin. Laging may kalunusan. Pero hindi ito naisip ng babaeng ito habang siya’y naroon sa makasalanang buhay, hanggang sa siya’y mahuli sa akto, at dalhin sa harap ni Hesus. Doon sa harap ng madla ang kanyang malaking kahihiyan.

HAMON: *Timbangin mo nang buong tapat ang bigat na idudulot ng iyong makasalanang buhay*

Timbangin mo. Kung hindi mo man pinagdadaanan ngayon, maaaring nasa magaan na yugto ka pa ng iyong buhay kung kelan umiiral pa ang ginhawa. Ngunit darating at darating ang kabigatan. At habang bumibigat, lalo ka pang malululong sa iyong kasalanan. Maaaring katulad ng babae, umabot ka sa malaking kahihiyan. Hindi ba’t mas malaki ang kahihiyan ngayon? Hindi lang ang madla ang makakakita kundi ang buong mundo lalo na kapag ito’y nailagay sa *internet*, at iba’t ibang paraan. Kahihiyan ng kasalanan!

Maaari namang hindi kahihiyan, kundi magulong buhay. Dahil pinili mo ang sarili mong direksyon, nauwi ka sa buhay na walang direksyon. Maaaring ngayon pa lang, nagsisimula mo nang maramdaman ang bigat na dala ng kasalanan. Ang paglalarawan ng Panginoon sa Isa 57:20f, "*Ang masama ay parang maunos na dagat*; *sapagkat hindi matatahimik*, *at ang kanyang tubig ay naglalabas ng burak at dumi*. *Walang kapayapaan, sabi ng aking Diyos, para sa masasama.*"

Maaaring nakangiti, maaaring maginhawa, maaliwalas ang panlabas na anyo, ngunit sa loob ay gulong-gulo, at gusto niyang itago. Nasa ganyan ka bang kalagayan? Ngayong nasa kasalanan ka, masaya ka ba? Mas payapa ka ba? Maaaring noon tuwing nakakarinig ka ng Salita ng Diyos, umaangal ka sa pangangaral. Ngayong nasa kasalanan ka, mas payapa ba ang iyong buhay?

Noong 1990's ay may isang hardcore band na tinatawag na *Wasted Youth*. Wasted youth nga sila. Ang punto ay ipinagmamalaki pa nila! Iyan ang sinabi ng Diyos sa pamamagitan ni propeta Jeremias na "*ang aking bayan ay nagkakasala at tumatangging mahiya*." Ipinagmalaki pa ang dulot ng kasalanan. Iyan ang kalunusan ng kasalanan. Ngunit may mas mabigat pa riyan

*Tama ang isinasaad ng batas. Ang kamatayan ang dapat ihatol sa nagkasala. Ngunit mali ang motibo ng mga nagparatang. At ito ang siyang ibinunyag ni Hesus. Gusto lamang nilang gamitin ang batas para ipahiya ang babae, at paratangan si Hesus. Ngunit ang batas ay bigay ng Diyos. Ang hatol na nakatadhana dito ay igagawad ng Diyos. Ito ang bunga ng kasalanan na hindi malulusutan. At hahatulan ng Diyos ang bawat makasalanan.*

### *II. Kahatulan*

Kahihiyan ang haharapin mo sa madla, sa mga tao. Ang kahatulan ay ang igagawad sa iyo ng Diyos dahil sa iyong kasalanan. Iyan ang iyong isipin.

Punto: *Ang pinakamabigat na usapin ng kasalanan ay ang hatol na igagawad ng Diyos sa nagkasala.*

Binanggit ng mga Fariseo at mga eskriba ang itinatadhana ng batas ni Moises para sa katulad ng babaeng ito. Kamatayan! At hindi ito tinutulan ni Hesus.

Tama ang isinasaad ng batas. Ang kamatayan ang dapat ihatol sa nagkasala. Ngunit mali ang motibo ng mga nagparatang. At ito ang siyang ibinunyag ni Hesus. Gusto lamang nilang gamitin ang batas para ipahiya ang babae, at



paratangan si Hesus. Ngunit ang batas ay bigay ng Diyos. Ang hatol na nakatadhana dito ay igagawad ng Diyos. Ito ang bunga ng kasalanan na hindi malulusutan. At hahatulan ng Diyos ang bawat makasalanan. Heb 9:27, "*Itinakda sa tao ang mamatay na minsan, at pagkatapos nito ay ang paghuhukom.*" Iyan ang dalawang *appointments* na hindi natin malulusutan, "*appointed to die and after this, the judgment*." Kahit nag-alisan na ang mga nagpararatang sa kanya, nanatili pa din ang hatol ng Diyos sa babae.

Hindi kabunyi-bunyi ang naipasang panukalang bitay sa kongreso. Umiral ang pulitika sa bagay na iyan. Para lang maipasa, binawasan nang binawasan ang mga kasalanang dapat hatulan ng kamatayan, hanggang mauwi sa isa na lang, mga krimen na kaugnay sa droga. Ang hindi pinalulusot sa batas ng Diyos ay ang mga pumatay. Pero pinalusot ng panukalang batas na iyan. Sa hatol ng Diyos, hindi makalulusot ang anumang kasalanan.

HAMON: *Higitan mo ang takot mo sa hatol ng Diyos laban sa pang-akit na saya na dala ng kasalanan.*

Ang paulit-ulit na sinasabi ng Bagong Tipan ay dapat katakutan ang hatol ng Diyos. Hindi ito dapat baliwalain. Gal 6:7, "*Huwag kayong padaya*; *ang Diyos ay hindi maaaring lokohin*, *sapagkat ang anumang ihasik ng tao*, *ay siya rin niyang aanihin…* Hindi uubra ang pagbibiro tungkol sa hatol ng Diyos. Hindi uubra na ang pagpapakitang-gilas iyong relihiyon samantalang namumuhay ka sa pagkaalipin ng iyong kasalanan. Pagkatakot ang dapat na reaksyon sa hatol ng Diyos.

Kakila-kilabot! Yan ang salita na ginamit sa Bagong Tipan. Hindi biro! Hindi lokohan! Hindi isang bagay na pangrelihiyon lang. Tatayo sa harap ng Diyos ang bawat makasalanan upang hatulan sa kanyang kasalanan.

Pamilyar sa atin ang aklat ni John Bunyan na *Pilgrims Progress*. Pero hindi pamilyar sa atin ang isinulat niya na *The Groans of a Damned Soul* na ginamitan niya ng kanyang imahinasyon upang ipakita ang mga daing ng mga kaluluwang nasa kapahamakan, lalo na ang mga daing ng mga nakarinig ng salita ng Diyos, ngunit nagsa-walang bahala o nag-antala, at ngayon ay wala nang pag-asa. Iyan ang sinabi doon sa nobela ni Dante Aleghieri na *Inferno*. Ang isang kapuna-puna na bahagi doon ay pagdating sa pintuan ng impyerno may nakasulat na sinasabi ay "*kayong mga papasok dito*, *isuko ninyo na lahat ng pag-asa*." At yan ang nasa kapahamakan. Wala kang pag-asa kapag naroon ka na.

Narito ang pag-asa mo. Naririnig mo ang salita ng Diyos. Naririnig mo ang pagsamo na ikaw ay maaari pang maligtas. Pag ikaw ay humarap na sa Diyos bilang paghahatol, wala ka nang pag-asa. Iyan ang kahindik-hindik na haharapin ng isang makasalanan, kahatulan. Ngunit ang pinakahuli sa tagpong ito,